
2

# Mother Tongue

## Unang Markahan – Modyul 15: Pagkilala sa Pagkakaiba ng Kuwento at Tula




ALTERNATIVE DELIVERY MODE



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MTB-MLE – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 15: Pagkilala sa Pagkakaiba ng Kuwento at Tula**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Eloisa M. Bacani

**Editor:** Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay

**Tagasuri:** Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor

**Tagaguhit:** Mary Grace A. Del Mundo

**Tagalapat:** Cristina T. Fangon

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong
Librada M. Rubio
Ma. Editha R. Caparas
Nestor P. Nuesca
Merlinda T. Tablan
Ellen C. Macaraeg
Elena V. Almario

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng**________________________

**Kagarawan ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Mother Tongue

## Unang Markahan – Modyul 15: Pagkilala sa Pagkakaiba ng Kuwento at Tula

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.


## Alamin

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makagagamit ng unang kaalaman o karanasan sa pagkilala sa pagkakaiba ng kuwento at tula.
MT2LC-If-4.4

## Subukin

<u>Panuto</u>: Tukuyin kung ito ay halimbawa ng **kuwento** o **tula**.

1.



### Mahal Ko si Mama

Eloisa M. Bacani

Si Mama ay mabait at masipag. Lagi niya kaming inaalagaan at binibigyan ng pagkain. Kahit siya ay pagod na pagod sa mga gawaing-bahay, hindi niya kami nakalilimutang paglaanan ng oras para makipag-usap at makipaglaro sa amin.

2.



## Buhay Bata

Eloisa M. Bacani

Sabi nila, masarap maging bata
sapagkat suliranin hindi nila alintana.
Paglalaro at paglilibang tangi nilang nasa.
Kapag sila'y pinagsabihan nakikinig naming kusa.

Sa simpleng mga bagay sila'y sumasaya.
Pagmamahal at pag aalaga sa kanila'y sapat na.
Taos pusong pasasalamat sinasambit sa ama't ina.
Lubos na pagmamahal palagiang pinadarama.

3.




## Gutom na Ako

Eloisa M. Bacani

Isang tanghali, may isang batang umiiyak. Siya ay si Ron – Ron. Gutom na gutom na siya. Walang pagkain sa mesa. Nasa palengke pa ang kanyang nanay. Dumating ang kanyang ate at ibinili siya ng itlog sa tindahan. Si Ron-Ron ay tumigil na sa pag-iyak.

4.



## Ang Malikhaing si Bentong

Eloisa M. Bacani

Si Bentong ay mahilig maglaro. Paborito niyang bumuo ng mga pigura mula sa mga lumang papel at kahon at iba pang mga bagay na patapon. Humahanga ang kaniyang mga kaibigan sa taglay niyang kahusayan.

5.



## Musmos Man ay may Pangarap Din

Eloisa M. Bacani

Kahit ako'y walong taong gulang pa lang
sa isip ko'y may malaking puwang
maraming pangarap ang nais maisakatuparan
pangakong gagawin ang anomang paraan.

Pagiging musmos ay hindi balakid
kahit gaano kalayo mang bukid
ito'y buong pusong lalakbayin
upang makamtam anomang layunin.

# Aralin 1 Pagkilala sa Pagkakaiba ng Kuwento at Tula

Mahalaga ang pag-aaral sa ating buhay. Upang tayo ay magkaroon ng magandang kinabukasan. Sa paaralan ay tinuturuan ang isang mag-aaral na tulad mo na palawakin ang kaalaman hindi lamang sa ibat'ibang mga asignatura bagkus ay bahagi rin nito ang pag-unlad ng kagandahang-asal.

Maraming paraan para mapaunlad ang iyong kaalaman tulad ng pagbabasa ng mga kuwento at tula na kapupulutan ng mga magagandang-aral.

## *Balikan*

Panuto: Tukuyin kung ang mga sumusunod na salita ay **tao, bagay, hayop, lugar** o **pangyayari**.

___________1. si Berto

___________2. sa bukid

___________3. baboy

___________4. Pasko


___________5. bag

# Tuklasin

A. Panuto: Basahin at unawain ang kuwento.

## Ang Kubo ni Paski

Eloisa M. Bacani




Si Paski ay isang matanda na ubod ng selan sa kanyang kubo. Lagi niya itong nililinis at inaayos. Nilalagyan niya ito ng mga dekorasyon. Sa tuwing may gustong magpahinga sa kanyang kubo ay pinapayagan naman niya. Ngunit marami siyang paalala sa mga gagamit ng kaniyang kubo. "Huwag kayong mag-iiwan ng kalat," wika ni Paski.

B. Panuto: Basahin at unawain ang tula.

## Front Liners

Eloisa M. Bacani



*Front liners*, Front liners

maaasahan sa lahat ng oras.

Mga bayani ng bansa.

Nagbibigay ng pag-asa.

Panganib ay hindi alintana.

Pagtulong sa kapwa ang laging inuuna.

Manatili sa bahay ay pakiusap nila

nang pagkalat ng sakit ay maapula.

## *Suriin*

Upang matiyak na naunawaan mo ang inyong binasa, narito ang mga katanungan na dapat mong sagutin.

Panuto: Sagutin ang mga tanong nang may pang-unawa sa iyong sagutang papel.

**A. Sa kuwento:**

1. Sino ang tauhan sa kuwento?

______________________________________________

2. Saan naganap ang pangyayari?

______________________________________________

3. Ilarawan ang kubo ni Paski

______________________________________________

4. Kung ikaw si Paski, gagayahin mo rin ba ang kanyang pag-uugali? Bakit?

______________________________________________

5. Ano ang mahalagang pangyayari sa kuwento.

______________________________________________

**B. Sa tula:**

1.Sino-sino ang pinag-uusapan sa tula?

______________________________________________

2.Ilarawan ang mga katangian ng mga *front liners*.

______________________________________________

Alamin natin ang kaibahan ng kuwento sa tula.

Ang **kuwento** ay binubuo ng mga tauhan, tagpuan at mga pangyayari. Ang **tauhan a**ng gumaganap sa kuwento. **Tagpuan** naman ang tawag sa pinangyarihan ng kuwento. At **pangyayari** ang tawag sa mga kaganapan sa dito.

Ang **tula** ay nagpapahayag ng kaisipan at damdamin ng tao. Binubuo ang tula ng saknong at taludtod na mayroon ding sukat at tugma. **Taludtod** ang tawag sa bawat linya ng tula. **Saknong** naman ang tawag sa bawat pangkat ng taludtod.

*Mga Tala para sa Guro*

Gabayan ang mag-aaral sa pagsagot sa mga Pinatnubayang Pagsasanay.

# Pagyamanin

## Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Ilagay sa wastong hanay ang mga sumusunod na katangian na nasa ibaba.

| Kuwento | Tula |
|---|---|
| | |

A.may sukat at tugma

B.may tagpuan

C.may mga tauhan

D.may taludtod

E.naglalaman ng magandang pangyayari

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Isulat ang K kung ito ay katangian ng kuwento at T kung katangian ng tula.

________ 1. Binubuo ng saknong at taludtod.

________ 2. Nagsasaad ng buong pangyayari at nagbibigay ng magandang-aral.

________ 3. May sukat at tugma.

________ 4. Isang uri ng panitikan na nagpapahayag ng damdamin ng tao.

________ 5. May tauhan at tagpuan kung saan ginanap ang pangyayari.

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Buoin ang salita upang matukoy ang kahulugan ng bawat pangungusap.

1. Sila ang gumaganap sa isang kuwento.
   T__U__A__

2. Ito ay bilang ng pantig sa isang taludtod.
   __U__A__

3. Tumutukoy ito sa lugar na pinangyarihan ng kuwento.
   T__GP__A__

4. Magkakaparehong tunog sa hulihan ng bawat taludtod.
   T__G__A

5. Ito ay nagsasalaysay ng pangyayari.
   __U__E__T__

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Hanapin ang mga salita na nasa loob ng kahon upang matukoy ang mga katangian ng kuwento at tula.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | S | A | K | N | O | N | G |
| T | U | G | M | A | I | B | N |
| E | K | O | A | N | T | E | K |
| T | A | G | P | U | A | N | I |
| K | T | A | U | H | A | N | O |

_____1. Magkakapareho ang tunog sa hulihan ng bawat taludtod.

_____2. Bilang ng pantig sa isang taludtod.

_____3. Lugar kung saan ginanap ang pangyayari.

_____4. Bilang ng linya sa bawat taludtod.

_____5. Mga gumanap sa kuwento.

## Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Panuto: Iguhit ang ☺ kung tumutukoy sa katangian ng kuwento at ☹ kung katangian ng tula.

__________1. Nagsasaad ng buong pangyayari.

__________2. Binubuo ng taludtod.

__________3. May sukat at tugma.

__________4. May tauhan at tagpuan.

__________5. Nagbibigay ng magandang-aral.

## Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Isulat ang katangian ng kuwento at tula.

| Kuwento | Tula |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

## Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Punan ang patlang ng angkop na sagot.
Piliin ang letra sa loob ng kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| A. tagpuan | B. tauhan | C. sukat | D. tugma | E. saknong |

1. Ang kuwento ay may _______________( mga taong gumanap).

2. Ang kuwento ay may ________________(lugar kung saan ginanap).

3. Ang tula ay may _______(bilang ng pantig sa bawat taludtod )

4. Ang tula ay may ___________(mga salitang magkatunog sa hulihan ).

5. Ang tula ay binubuo ng ________(bilang ng linya sa tula).

## Malayang Pagtatasa 2

<u>Panuto</u>: Kopyahin ang tsart sa ibaba at kulayan ng **Pula** ang mga kahon na tumutukoy sa katangian ng kuwento at **Asul** kung katangian ng tula.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| may sukat at tugma | may tauhan | binubuo ng saknong at taludtod | may tagpuan | may mga pangyayari |

## *Isaisip*

Maaari mo na bang isa-isahin ang mga katangian ng kuwento at ng tula? Isulat ang iyong mga sagot sa iyong sagutang papel.

## Isagawa

<u>Panuto</u>: Tukuyin kung ito ay **kuwento** o **tula**.

1.

### Ang Papaya

Eloisa M. Bacani

May dala-dalang papaya si Ara isang umaga. Masaya siya dahil may maihahain na sila sa mesa. Natuwa ang kaniyang mga magulang sa dala niya.

2.

### Maglaro Man, May Matutunan Din

Eloisa M. Bacani

Paglalaro'y hilig ng mga bata.
Anumang pagod ay di-halata.
Ito'y lubos na nagbibigay tuwa.
Hiling nila ay lubos na pag-unawa.

Sabi nila, sa paglalaro'y may matutunan din.
Pakikisama at pagiging patas ay lilinangin.
Pagsunod sa alituntunin ng laro ay mahuhubog din.
Tiwala sa sarili ay higit na binibigyang-pansin.

## 3. Ang Magkapatid

Eloisa M. Bacani

Isang gabi, may dalawang magkapatid na naglalakad sa isang madilim na lugar. Takot na takot ang magkapatid. Biglang may narinig silang isang malakas na tinig at sila'y biglang tumakbo nang mabilis. Hanggang sa dumating ang mga barangay tanod at sila ay nilapitan.

## 4. Kamag-aral Ko, Kapatid Kung Ituring

Eloisa M. Bacani

Sa unang pagpasok sa eskwela
nagkakaroon tayo ng maraming kakilala.
May maingay, may medyo tahimik,
minsan meron lang umiimik.

Maging anuman ang kanilang mga katangian.
Huwag nating kalimutan, ang mga nakaugalian.
Mahalin ang kamag-aral na parang isang kapatid.
Respeto, pag-unawa at kalinga ay ibigay sa kanila
nang walang patid.

## 5. Ang Mag-anak

Eloisa M. Bacani

Ang mag-anak ay laging masaya. Lagi silang nagtutulungan at nagbibigayan. Ang mga anak ay tumutulong sa mga gawaing-bahay. Masaya ang ama at ina dahil magkakasundo ang buong pamilya.

## Tayahin

Panuto: Tukuyin kung ito ay **kuwento** o **tula**.

1. **Malusog na Pangangatawan**

Eloisa M. Bacani

Kalusugan ay isang kayamanan
na hindi maaagaw kahit ninuman.
Ito ay dapat taglayin ng bawat mag-aaral.
Nang walang maging hadlang sa kanilang pag-aaral.

Kapag malusog ang pangangatawan
pagliban sa klase'y mababawasan.
Magkakaroon din ng maayos na kaisipan,
mga gawain sa paaralan ay magagampanan.

2. **Ang Sanggol**

Eloisa M. Bacani

Sa bukid ay mayroong mag-asawa na naninirahan. Sila ay sina Obet at Liza. Masaya ang mag-asawa sa kanilang pagsasama lalo na nang dumating sa kanilang buhay ang isang sanggol na pinangalanan nilang Reesha. Masayahin at malusog ang sanggol.

## 3. Sa Paaralan, Maraming Matututunan

Eloisa M. Bacani

Paaralan, maituturing na ating pangalawang tahanan
Pagkat ito ang madalas nating kinakahantungan
Upang maraming bagay ay ating matututunan
At magamit sa araw-araw na pakikipagsapalaran

Pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsulat
'Yan ay ilan lamang sa mga bagay na ating
nalilinang kapag tayo ay nasa paaralan
Kagandahang asal ay itinuturo din, ito'y ating sandigan.

## 4. Pares ng Sapatos

Rufina E. Ramos

Isang gabi nasorpresa si Ramon sa dalang regalo ng kanyang tatay. Binuksan niya ito at natuwa siya sa kanyang nakita. "Yehey! Ang ganda ng sapatos," wika ni Ramon. Ngunit ang kabiyak ng sapatos ay hindi pala magkasukat. Kaya napalitan ng lungkot ang mukha ni Ramon.

## 5. Ang Agahan

Rufina E. Ramos

Maagang gumising si Kardo para bumili ng mainit na pandesal sa tindahan. Pag-uwi niya ng bahay ay dali-dali niya itong inihain sa mesa at nagtimpla ng mainit na

kape. Tinawag niya ang kaniyang nanay at tatay upang makasabay na kumain ng agahan.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Iguhit ang ⬆ kung ito ay katangian ng kuwento at ⬇ kung katangian ng tula.

________1. May sukat at tugma.

________2. Isang uri ng panitikan na nagpapahayag ng damdamin ng tao.

________3. May tauhan at tagpuan kung saan ginanap ang pangyayari.

________4. Binubuo ng saknong at taludtod.

________5. Nagsasaad ng buong pangyayari at nagbibigay ng magandang-aral.

# Susi sa Pagwawasto

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Subukin**<br><br>1. Kuwento<br>2. Tula<br>3. Kuwento<br>4. Kuwento<br>5. Tula | **Balikan**<br>1. tao<br>2. lugar<br>3. baboy<br>4. pangyayari<br>5. bagay | **Suriin**<br>A. SA KUWENTO<br>1. si Paski<br>2. sa kubo<br>3. maganda at malinis<br>4. opo, dahil mabuti ang maging malinis sa kubo<br>5. marami siyang paalala sa mga gumagamit ng kaniyang kubo<br>(maaaring magbigayn ng ibang sagot)<br>B. SA TULA<br>1. mga Prontlayners<br>2. masipag, matapang at mapagmahal sa bayan | |
| Pagyamanin | | | |
| **Pinatnubayang Pagsasanay 1**<br><br>A. Tula<br>B. Kuwento<br>C. Kuwento<br>D. Tula<br>E. Kuwento | **Pinatnubayang Pagtatasa 1**<br><br>1. T<br>2. K<br>3. T<br>4. T<br>5. K | **Pinatnubayang Pagsasanay 2**<br><br>SA KUWENTO<br>1. TAUHAN<br>2. SUKAT<br>3. TAGPUAN<br>4. TUGMA<br>5. KUWENTO | **Pinatnubayang Pagtatasa 2**<br><br>1. TUGMA<br>2. SUKAT<br>3. TAGPUAN<br>4. SAKNONG<br>5. TAUHAN |
| **Malayang Pagsasanay 1**<br>1. ☺<br>2. ☹<br>3. ☹<br>4. ☺<br>5. ☺ | **Malayang Pagtatasa 1**<br>KUWENTO<br>-nagsasaad ng buong pangyayari<br>-may tauhan<br>May tagpuan<br><br>TULA<br>-may sukat at tugma<br>Binubuo ng taludtod<br>-binubuo ng saknong<br>1. | **Malayang Pagsasanay 2**<br>1. B<br>2. A<br>3. C<br>4. D<br>5. E | **Malayang Pagtatasa 2**<br>KULAY PULA<br>-may tauhan<br>-may tagpuan<br>-nagpapahayag ng mahalagang pangyayari<br>KULAY ASUL<br>-may sukat at tugma<br>-binubuo ng saknong at taludtod |
| **Isagawa**<br><br>1.Kuwento<br>2.Tula<br>3.Kuwento<br>4.Tula<br>1. 5.Kuwento | **Tayahin**<br><br>1.Tula<br>2.Kuwento<br>3.Tula<br>4.Kuwento<br>1. 5.Kuwento | **Karagdagang Gawain**<br>1. ↓<br>2. ↓<br>3. ↑<br>4. ↓<br>5. ↑ | |

# *Sanggunian*

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.Halina't Bumasa Book

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph